

1

Laoag City, Ilocos Norte...

Mula sa loob ng *Pajero*, nangingiting pinanonood ni Juan Antonio Ibarra ang nakababatang kapatid na si Miguel habang nagpapaalam ito sa kasintahan nitong si Amerie Benavidez. Habang nakangiti sa isa't isa, magkayakap na nakatayo ang dalawa sa tabi ng gate ng bahay ng pamilya ng dalaga. Sino ba naman ang hindi mangingiti, isip niya. Nang gabing iyon ay namanhikan na ang pamilya Ibarra sa pamilya ni Amerie, at sa tatlong oras na nasa bahay sila ng mga Benavidez, pinlano na nila ang kasal ng magkasintahan.

Napangiti siya nang malawak nang muling halikan ng kapatid ang fiancée bago ito bumitiw at sumunod na rin sa loob ng *Pajero*. Siya ang magmamaneho ng sasakyan. Kumaway si Amerie, at mahinang bumusina si Anton para magpaalam na muli sa dalaga. Sa passenger seat, masayang tumawa ang lolo nilang si Don Crisostomo Ibarra na siyang mastermind ng lahat.

Sa pamilya niya, iba ang paraan ng paghahanap ng mapapangasawa. Si Don Crisostomo ang bahalang mamili ng babaeng pakakasalan nilang magpipinsan. Ang kondisyon nito, basta mapangasawa nila ang babaeng napipisil nito para sa kanila, makukuha nila ang kanilang mga mana.

Ang matanda mismo ang nakipagkasundo sa pamilya ng napangasawa ng panganay na pinsan niyang si Dominic. Pinilit ni Don Crisostomo na magpakasal si Dom sa babaeng hindi nito kilala para makuha nito ang mamanahin nitong mga hotels.

Ito rin ang namili kay Amerie na ngayon ay bagong fiancée ni Miguel. Pinagpanggap nitong driver ang binata para mapalapit sa dalagang amo na siyang napipisil ng abuelo na mapangasawa ng bunsong apo. At kung hindi nito mapasagot ang babae, hindi rin nito makukuha ang mamanahing department store na pag-aari ng pamilya.

Si Anton na lamang ang nag-iisang apo ni Don Crisostomo na single at available kaya alam niyang hindi magtatagal ay siya na ang bibigyan ng challenge para makahanap ng girlfriend. At bagaman sinuwerteng happy-ever-after ang mga kuwento ng dalawang apo ng matanda, hindi siya papayag na ang lolo niya rin ang bahalang mamili ng kanyang mapapangasawa.

“Ang sarap nilang panoorin, ano?” nangingiting tanong ni Don Crisostomo kay Anton na ikinanerbyos niya. Malamang ang susunod nitong sasabihin ay kailangan na siya nitong makausap upang ibigay sa kanya ang sarili niyang misyon para maghanap ng asawa.

“Masaya kasi sila,” sagot niya.

“Tama ang pinili ko para kay Miguel,” muling saad ng abuelo. Masaya at mayabang ang tono nito.

Hindi siya sumagot. Habang hindi pa niya kailangang banggitin na siya na ang susunod kay Miguel, hindi niya ito ipapaalala sa matanda.

Sumakay sa *Pajero* si Miguel at isinara ang pinto ng sasakyan. Malaki pa rin ang ngiti nito at nagniningning ang mga mata sa kaligayahan. “Engaged na ako,” sabi nito na para bang hindi pa rin makapaniwala.

“Oo,” ngiti niya. Pinaandar niya ang sasakyan upang makabalik na sila sa hacienda na pagmamay-ari ng kanilang pamilya matagal na panahon na habang sakop pa ng mga Kastila ang Pilipinas. “At pag kasal ka na, hindi mo na ‘ko masasamahang mambabae.”

Lumapit ito at ipinatong ang mga siko sa sandalan ng mga upuan ng kapatid at ng lolo. “Si Lolo na lang ang isama mo,” biro nito. “Game ka naman, di ba, ‘Lo?”

Pabirong umirap si Don Crisostomo. “Aba’y n’ung huli yata akong nambabae, eh, panahon pa ng Hapon,” sabi nito. “Lola pa ninyo ang babae ko noon.”

Sabay na tumawa ang magkapatid. Magkamukha silang dalawa at puwedeng mapagkamalang kambal. Mas matanda lang si Anton ng dalawang taon kay Miguel. Parehong matangos ang mga ilong, ilong na namana sa mga ninunong Kastila. Bilugan ang mga matang kulay tsokolate at mahaba ang mga pilikmatang parang pambabae. Magaganda ang labing para bang ginawa para halikan.

Makapal ang bahagyang kumukulot na buhok at laging maayos ang gupit. Parehong matangkad ang magkapatid na lampas six feet ang taas. Pareho pa silang matalino at successful sa kani-kanilang mga trabaho. Si Miguel ay accountant at bise presidente sa *Ibarra Holdings*, ang kompanyang pag-aari ng kanilang pamilya habang si Anton naman ay isang abogado.

Ang kaibahan lang, mas palabiro si Miguel kaysa sa mas seryosong kuya. At ngayon naman, mauunahan pa siya nitong magpakasal.

Nakarating sila sa hacienda. Matapos iparada ni Anton ang sasakyan sa garahe ay bumaba si Lolo Crisostomo. Muli nitong niyakap si Miguel. “Congratulations, Hijo,” sabi nito na masaya ang ngiti. “I’m so proud of you.”

“Thank you, Lolo,” sagot nito hindi pa rin nabubura ang ngiti sa mga labi. Nang makaakyat na ang matanda, hinarap ng kapatid si Anton.

“Kinausap ka na ba ni Lolo?” tanong nito. Hindi kaila sa nakababatang Ibarra na siya na ang pagtutuunan ng pansin ng kanilang abuelo ngayong may-asawa na si Dom at nakatakda na itong ikasal.

Nagkibit-balikat siya at sabay silang pumanhik patungo sa kani-kanilang mga silid. “Hindi pa. Hinihintay ko na nga siyang magsalita. Pero hindi pa niya ako pinapatawag.”

“Alam mo, Kuya,” simula nito, “hindi sa sinasabi kong tama

na manipulahin ni Lolo ang mga love life natin, pero two for two siya sa ‘ming dalawa ni Kuya Dom. Alam niya ang ginagawa niya nang piliin niya ang mga babaeng para sa ‘min.’”

Tumigil ang magkapatid sa tapat ng pinto ng kanilang mga silid. “Masaya ako para sa inyo ni Kuya Dom, Migs,” paliwanag niya. “Pero gusto ko pa ding isipin na ako ang bahalang magdikta kung ano ang gusto kong gawin sa love life ko.”

“Paano kung hindi niya ibigay sa ‘yo ang hacienda?” tanong nito.

Ang mana nila ang laging kapalit ng pag-aasawa ng magpipinsan. Kahit hindi pera ang dahilan, hindi nakuhang ipagpalit nina Dom at Miguel ang natitirang mga ari-arian na naiwan sa kanila ng mga namayapang magulang. Kahit wala silang mana, mayaman ang magpipinsan dahil sa sariling pagsisikap. Pero hindi nila lubos-maisip na mawala sa kanila ang mga pagkatagal-tagal na pag-aari ng pamilya Ibarra.

Muling nagkibit-balikat si Anton. “Hindi ko alam,” sagot niya. “Ang alam ko lang, mas pipiliin ko pang mawala ang hacienda sa ‘kin kesa ipagpilitan niya akong magpakasal sa babaeng hindi ko gusto.”

Mabagal na tumango ito, pero hindi naalis ang pag-aalala sa ekspresyon nito hanggang sa tumawa ang kapatid.

“Huwag kang mag-alala, Kuya,” biro niya kahit pa mas bata si Miguel. “Hindi pa naman ako kinakausap ni Lolo. Saka naalala mo

noon ang sinabi ko sa ‘yo na may plano ako? Hindi ako mapipilit ni Lolo na magpakasal sa babaeng hindi ko gusto.”

“Hindi ka naman magpapakasal sa babaeng hindi mo gusto, eh,” pilit nito. “Gusto ko na si Amerie bago ko siya inalok ng kasal.”

Muli siyang tumawa. “Speaking of which, congrats.” Iniabot ni Anton ang kamay sa kapatid. Nang tanggapin nito iyon, hinila niya ito at niyakap.

Nawala ang pag-aalala sa mukha ni Miguel at napalitan iyon ng ngiti. “Salamat, Kuya.”

Pumasok sila sa kanilang mga silid at nagsara ng pinto. Lumapit si Anton sa kama at nahiga nang hindi nag-aalis ng sapatos. Tototohanin niya ang sinabi niya sa kapatid. Hindi siya magpapakasal sa isang babaeng hindi niya gusto para lamang makuha ang mamanahin.

Hindi man handang mag-asawa, alam niya kung kanino siya puwedeng lumapit para lusutan ang tuso niyang lolo. Ang kailangan lang niyang gawin ay pilitin ang babaeng iyon na pumayag na magpanggap na may relasyon sila. Tumagilid siya sa pagkakahiga at tiningnan ang naka-frame na larawan sa night table niya.

Nakangiti siya nang malaki sa larawan habang nakayakap ang mga braso sa isang babaeng nakatayo sa harapan niya at nakangiti rin nang masaya.

Maganda ito, matangkad, maganda ang pangangatawan. Maamo ang mukha nitong hindi nakakasawang pagmasdan. Maliit ang ilong, expressive at seductive ang malalaking mata. Mahaba ang unat na buhok na bahagyang kumukulot sa dulo kaya para bang lagi itong galing sa beauty salon.

Matalino, mabait, mapagmahal. Marunong magluto at marunong din itong magkumpuni ng makina ng kotse. Ito na yata ang perpektong babae.

Si Georgina, ang best friend niya.

“Marry me.”

Hindi nag-angat ng ulo si Atty. Georgina Dueñas sa tinuran na iyon ng kaibigan at partner niya sa *Dueñas and Ibarra Law Office*. “Gutom lang ‘yan, Anton,” sabi niya habang patuloy na nagsusulat sa isang pad. “Meron pang tirang pizza sa kusina. Kumain ka muna.”

“Gie, I’m not kidding.” Dinig ang frustration sa tinig ni Anton at iyon ang naging dahilan kung bakit napatingin siya rito. Pinagmasdan niya ang binata.

Dahil pasado alas seis na ng gabi at tapos na ang work day, inalis na nito ang suot na kurbata at bukas na ang dalawang pinakaitaas na butones ng puting long-sleeved polo. Nakatupi na rin ang mga manggas niyon at medyo lukot na.

Nagtatrabaho silang dalawa sa silid na itinakda nila bilang law library. Maraming mga libro roon na nakalagay sa nagtatangkarang bookshelves na nakapalibot sa isang mahabang mesa kung saan sila magkakarap na nakaupo.

Bahagya siyang natigilan dahil muli siyang namangha sa kaguwapuhan ng kakarap. Kahit dalawampung taon na silang magkaibigan, minsan tinatablan pa rin siya ng kaguwapuhan nito. Minsan mas mukha itong modelo kaysa abogado. Lalo na ngayon at nakasuot pa ito ng salamin sa mata na nakadagdag sa appeal nito.

At best friend niya ito. Pareho pa silang walong taong gulang nang magkakilala noong childhood years nila. At kahit sa tingin niya ay ubod ng guwapo ng mokong, hindi siya nagka-crush dito o kaya ay tiningnan ito bilang potential boyfriend.

Oo nga't minsan pinagnanasaan niya ito. Sino bang matinong babae ang hindi maglalaway sa hitsura ni Atty. Juan Antonio Ibarra? Pero hindi niya inisip, kahit sa panaginip, na maririnig niya ang mga katagang 'marry me' mula sa mga labi ng binata.

"Okay," mabagal na sabi ni Georgina na nakatingin pa rin sa kaibigan. "Sino na naman ang nanliligaw sa 'yo na gusto mong taguan?"

Hindi na bago sa kanilang dalawa iyon. Ilang beses na rin silang nagpanggap na magnobyong kapag mayroong lalaking nanliligaw sa kanya na ayaw niya, o kaya ay may babaeng nagpapakita ng motibo kay Anton na hindi nito gusto.

Bumuntong-hininga ang lalaki at ibinaba ang hawak na ballpen bago inalis ang salamin sa mata at kinusot ang mukha. “Seryoso ako,” pamimilit nito.

Totoo iyon. Kung ang dalaga ay happy-go-lucky at madalas hindi sineseryoso ang buhay, kabaligtaran naman nito ang kaibigan. Bihirang tumawa si Anton; iyong totoong tawa na sumasakit ang tiyan sa katuwaan. Hindi naman sa suplado ito o kaya ay masungit, pero hindi lang ito iyong tipo ng tao na maririnig na nakikipagbiruan at tumatawa nang malakas lalo na kapag hindi siya o ang mga pinsan nito ang kasama.

Pinagmasdan niya itong muli. “Okay, I’ll bite,” aniya. “Ano’ng meron?”

“Naaalala mo n’ung nagpunta ka sa bahay, ‘tapos dumating si Migs na kasama si Amerie?” tanong nito.

“At kailangan ko siyang tawaging ‘Gian’ kasi nagpapanggap siyang driver?” patuloy niya. Bago magtanghalian nang araw na iyon na bumisita si Georgina sa mansyon ng mga Ibarra, kinausap siya ni Anton para ipaliwanag na hindi alam ni Amerie na tagapagmana ng pamilya Ibarra si Miguel. Ipinaliwanag nitong plano ni Lolo Crisostomo ang mga challenges na iyon para sa kanila kung gusto nilang matanggap ang kani-kanilang mga mana.

“Yeah,” sagot nito. “Namanhikan na kami kina Amerie n’ung Biyernes at next month na ang kasal ni Kuya Dom. Which means malapit na akong kausapin ni Lolo para bigyan ng *Extra Challenge*.

Paano kung sinong babae lang ang i-partner niya sa 'kin para makuha ko ang mana ko? Kailangan ko siyang unahan."

Nagtaas siya ng kilay. "So, inalok mo ako ng kasal para maunahan ang *Extra Challenge* ni Lolo Crisostomo at makuha ang mana mo?"

Napangiwi ang binata. Parang pangit nga naman sa pandinig kapag ganoon ang pagkakasabi. Parang gagamitin lang nito si Georgina. "Hindi naman tayo magpapakasal talaga," paliwanag nito. "I'm just asking you now para sabihin natin kay Lolo na tayo na. Pag alam niyang tayo na, hindi na niya ako ipagtutulakan sa ibang babae. Sa 'yo na lang niya ako ipagtutulakan."

Pinaglaruan niya ang hawak na ballpen. "At paano kung mag-break tayo? Sa tingin mo, ibibigay pa din sa 'yo ni Lolo Crisostomo ang mana mo?"

"Di magpanggap tayong mag-boyfriend hanggang sa makuha ko ang mana, 'tapos saka tayo mag-break."

Natawa ang dalaga. "Alam mo, desperado ka na," komento niya bago muling tumungo para pag-aralan ang makapal at mabigat na law book na nakabukas sa harapan niya sa mesa. "You know that will never work. Hindi maniniwala si Lolo Crisostomo na magkasintahan tayo."

"Kaya hahayaan mo na lang na ipakasal niya ako sa iba?" may pagmamaktol ang tono ng pananalita nito at natigilan si Georgina. Muli siyang nag-angat ng mukha at nakita ang nagpapa-cute at

nagpapaawang hitsura ng best friend.

“Ton,” sabi niya, “kung ayaw mo talaga sa isang babae, hindi ka naman mapipilit ni Lolo Crisostomo, eh, hindi ba?”

Nakalabi pa rin ito. “Gina, mamanahin ko ang hacienda. ‘Yun na lang ang natitirang alaala sa ‘kin ng mga magulang ko, ng mga ninuno ko. Sa tingin mo hahayaan kong mawala iyon? Paano kung sabihin ni Lolo na manligaw ako sa isang napakapangit na babae ‘tapos masama pa ‘yung ugali? Matitiis mo ba na nagdudusa ang best friend mo dahil hindi mo siya tinulungan?” Para itong batang paslit na nakatitig lang kay Georgina at nagmamakaawa.

“Ewan ko sa ‘yo,” saway niya bago muling tumungo sa libro para pagtakpan ang ngiting namumuo sa kanyang mga labi.

“Gie, ano ba’ng masama d’un? Magpapanggap lang naman tayo. Sasabihin lang natin kay Lolo na tayo na. Hindi natin kailangang magbago ng pakikitungo sa isa’t isa,” pangangatuwiran nito. “Hindi natin kailangang maghalikan kapag nakikita si Lolo. Unless, gusto mo talaga akong molestyahin.” Kumindat pa ito.

“Molestyahin mo ang mukha mo,” tumatawang sabi niya. “Anton, it’s not going to work, trust me.”

“It’s worth a shot, trust me,” pamimilit ng lalaki. “Kapag nakuha ko ang mana ko, Gie, bibigyan kita ng regalo, kahit ano’ng gusto mo. Magpanggap ka lang na girlfriend ko, please?”

Kaunti na lang, papayag na si Georgina. Mahina talaga siya

kapag si Anton na ang nanghihingi. Paano kasi, ni minsan hindi naman siya hinindian ng kaibigan. Pero hindi ibig niyong sabihing papayag na lang siya nang basta-basta. “Paano kung kotse ang gusto ko?” hirit niya.

“Ibibili kita,” pangako nito.

“Gaano katagal naman tayo magpapanggap?”

“As long as it takes.”

Bumuntong-hininga siya. “I’ll think about it,” sabi niya at muling tumungo. “Bilisan mo diyan sa sinusulat mo. Malapit na akong matapos.”

Nakita niyang muling nagsuot ng salamin sa mata si Anton at kinuha ang ballpen na kanina lamang ay binitawan. Nakita rin niya ang maliit na ngiti sa mga labi nito.

Napailing siya. Kilalang-kilala siya ng kaibigan. Alam na nitong papayag na siya sa gusto nito.

Anak si Georgina ng hardinero ng mga Ibarra kaya sa hacienda rin siya nakatira noong bata pa siya. Nang dumating ang mga batang Ibarra sa hacienda nang mamatay ang kanilang mga magulang sa isang aksidente, naging kaibigan niya ang mga ito. Naging kuya niya si Dom at bunsong kapatid si Migs. At si Anton... Hindi kaagad niya naging kaibigan ang lalaking ito. Naging mailap kasi ito, seryoso at malungkutin. Pero napakabait nitong kuya kay Miguel na noon ay wala pang malay sa pagkawala ng

mga magulang.

Naging magkaklase sila at naging matalik na magkaibigan nang ipagtanggol siya ni Anton sa mga batang nanunukso sa kanya. Nanatili silang best friends hanggang sa tumuntong sila ng high school. Napagkasunduan nilang sabay na mag-aaral at kapag nakatapos sila, magtatayo sila ng law office sa Laoag. Sabay silang kumuha ng exam sa *U.P. Diliman*. Pareho sila ng kursong kinuha at sabay na nagtapos. Pareho rin silang *magna cum laude*. Sabay silang pumasok sa law school, at sabay ring kumuha ng bar exams kung saan si Georgina ang naging topnotcher at si Anton ang number two.

At gaya ng napagkasunduan noong mga bata pa sila, naging partners sila sa law office.

Nagkaroon sila ng ibang boyfriend at girlfriend, pero bumabalik sa isa't isa matapos makipag-break sa mga ito. Mahal nila ang isa't isa, pero ni minsan hindi pumasok sa mga isipan nila na ma-in love sa isa't isa. Kahit pa lahat ng tao ay nagsasabing bagay sila.

Napag-usapan nilang sabay silang tatanda. Kung magkataon man na makapag-asawa sila ng iba, kailangan ay maging magkapitbahay sila. At kung tumanda man sila na parehong single, titira sila sa iisang home for the aged.

Pero hindi nila kailanman napag-usapan na sila ang magkakatuluyan.

Kaibigan niya si Anton. Kaibigan lang. Hindi niya alam kung matutuwa siya o maiinsulto sa pag-alok nito ng kasal.

Umiling si Georgina at pilit na ibinalik ang concentration sa librong binabasa. Hindi ito panahon para sa personal na problema. Kailangan niya mag-research para maipanalò ang kaso ng kliyente niya next week, at iyon mismo ang gagawin niya.